

PROLOGUE

Tangan ang kopita ng hindi na malamig na champagne, pumasok ang lalaking nakasuot ng tuxedo sa madilim na silid-aklatan ng mga Salazar. May isang wall lamp sa isang panig ng silid na nagbibigay-ilaw sa antigong painting ng isang batang lalaki na may hawak na carrot. Bukod sa spot na iyon, ang liwanag mula sa sikat ng buwan na naglalagos sa mga bintana ay nagbibigay ng misteryosong aura sa silid. Ang iba pang bahagi ng silid-aklatan ay balot ng kadiliman.

Lumakad ang lalaki patungo sa alcove na may makakapal na kurtina sa magkabilang gilid. Tumayo siya sa tapat ng bintana at sumilip sa kasayahang nagaganap sa hardin. Ang musika ay malamyos at walang kapaguran pa ring tumutugtog ang orchestra. Kaarawan ng matriarch ng mga Salazar na si Doña Enrica Ponseca de Salazar na isang dating artista sa teatro kung kaya isang masquerade party ang okasyon; ito ay walumpung taong gulang na.

Kung hindi nga lang ba dahil nakiusap si Lola ay hindi ako dadalo dito, isip ng lalaki na naalala ang sinabi ng abuela.

“Ikaw na ang mag-represent sa pamilya natin,

ikaw kasi ang higit na may hitsura.”

“Lola, bale-wala ang hitsurang ito kung matatakpan naman ng maskara,” masuyong tugon niya sa abuela. *“Kaya kahit alam kong dead bore ang party sa mga Salazar ay dadalo ako.”*

May isang babae sa party na halos hindi siya tantanan sa kakukuwento at halatang nakikipag-flirt. Humikab na nga siya sa harapan nito na hindi pa rin nakahalata kaya nag-offer siya na kukuha ng inumin para sa kanilang dalawa. Noon pa lamang siya nakatakas patungo sa loob ng bahay at hinanap ang santuaryo ng silid-aklatan. Doon ay tinanggal niya ang suot na maskara na kalahati ng mukha ang natatakpan kagaya ng maskara ng bidang lalaki sa musical na *Phantom of the Opera* ni Andrew Lloyd Webber.

Biglang napadako ang kanyang paningin sa pinto. Kaagad siyang nagtago sa likod ng makapal na kurtina na tiyempo naman sa pagbukas ng pinto.

“I am sorry,” sabi ng lalaking pumasok sa silid-aklatan na ang suot ay pang-Roman soldier; tangan nito sa kamay ang maskara. Kasunod nito ay isang balingkinitang babae na ang suot ay isang simpleng white gown na may ginintuang sinturon at makulay na headpiece; iyon ay ang costume ni *Cleopatra* at

ang mukha ay saburnado sa makeup lalo na sa paligid ng mga mata. Mahirap makita kung ano ang tunay na hitsura nito dahil sa kapal ng makeup. Nagtungo ito sa tapat ng naiilawang painting.

Hinawi ng lalaking naka-*Phantom* ang makapal na kurtina ng ilang pulgada upang silipin kung sino ang mga taong iyon na pumasok sa silid. Ang lalaking nakasuot na costume na *Anthony* na noon ay nakatayo sa tapat ng bintana sa kabilang panig ng silid-aklatan ay nakilala niyang si Johnny Salazar na kilalang isang playboy. Ang babaeng nakasuot ng damit ni *Cleopatra* na noon ay nakatingala sa painting ay hindi niya kilala.

“I am really sorry,” muling saad ni Johnny na lumapit sa tabi ng dalaga at tumingin pansumandali sa painting. “Nabalitaan nina Papa at Mama ang nangyari sa negosyo n’yo.”

“Nasa diyaryo, eh, paanong hindi nila malalaman?” tugon ng babae na walang emosyon sa tinig.

“Aalisan ako ng mana kapag ikaw ang pinakasalan ko. And besides, we have so little in common. So it is better to end this relationship now, bago pa malaman ng ating mga kaibigan.”

“Bakit hindi mo na lang aminin na kaya ka

nakikipag-break sa akin ay dahil hindi na kami mayaman?” ani *Cleopatra* na hindi pa rin inaalís ang tingin sa painting. Ang tono nito ay hindi ang tono ng isang babaeng bine-break. “Ayaw mong maghirap.”

“Hindi sa gan'on,” paiwas na tugon ni Johnny. “You know I have an expensive lifestyle. Hindi natin magagawa ang mga nais nating gawin kung wala tayong pera. We will not be able to make each other happy.”

“I'll be happy if you would just love me enough,” ironic na tugon ng babae na hindi man lamang nag-crack ang boses. Tumalikod ito mula sa painting at tumingin sa kadiliman sa direksyon ng alcove; walang kamalay-malay na may taong nagtatago sa likod ng kurtina. Mahina pero buo ang tinig nito; walang tono ng wishful thinking at lalo na ng pagmamakaawa. “But then again, what's the use in talking about us? I hate post mortems of a love affair that has just died.”

“Puwede pa rin tayong maging magkaibigan,” suhestiyon ng lalaki.

“I don't like a friend who minds how much money I have in my bank account!”

May sting ang pananalitang iyon kaya medyo natigilan si Johnny na nagkibit-balikat.

“Life’s a bitch, isn’t it?” anitong nakabawi kaagad ang ego saka naglakad patungo sa pinto.

“No, Johnny, life is all right,” correction ng babae. “You are a low life!”

“I won’t stand for such an insult!” tugon nito, may galit sa tinig.

“So?”

“Mabuti na lang at ako ang naunang makipag-break!”

“Would you like a medal for that?” anang babae na may pang-uuyam.

Hindi na kumibo pa si Johnny; mabilis itong naglakad palabas ng silid-aklatan.

Naiwan ang estranghera na hindi pa rin umaalis sa kinatayuan nito; malalim ang paghinga at tila may kumislap sa mga mata nito.

Ang lubid na may tassel na tali ng kurtina ang bumagsak.

“Who’s there?” matigas na tanong ng babae na mabilis na pinalis ang namuong luha sa mga mata.

Huminga muna nang malalim ang lalaking nasa likod ng kurtina bago lumabas ng taguan.

“It’s just me,” aniyang humakbang pakaliwa. Nakatalikod siya mula sa liwanag ng buwan na naglalagos mula sa bintana kung kaya silhouette lang niya ang nakita nito.

Naningkit ang mga mata ng babae; pilit na inaninag ang hitsura niya.

“I came here first,” depensa niya nang muling isinuot ang maskara. “Wala akong pagkakataon na lumabas dahil seryoso ang inyong usapan. Kung nais mong mapag-isa, I’ll leave you to your thoughts.”

Nasa akto na siyang lalabas ngunit pinigil siya nito.

“No,” anitong lumakad patungo sa tapat ng isa pang bintana, nailawan ang mukha nito ng liwanag ng buwan; mas mukhang bizarre ang hitsura nito nang dahil sa makeup. “Gaya ng sabi mo, nauna ka dito. Aalis din ako kaagad.”

“If you don’t mind, we can share the space,” suhestyon ng lalaki na napatingin sa slender na katawan ng kausap; ang mga brasong napaka-slim; ang kamay ay may tangang maliit na beaded purse na noon ay nakapatong sa ibabaw ng pasimano.

Hinatak ng babae ang makapal na kurtina at lalong nabalot ang silid sa kadiliman.

“You have the advantage of me,” anitong tumalikod mula sa bintana. “Nakita mo ang hitsura ko.”

“Your makeup is an effective mask,” anang *Phantom* na nanungawan sa bintana sa tabi ng alcove.

“In the future, baka magkasalubong tayo at isipin mo na...”

“There’s the woman whom Johnny scorned,” dugtong niya. “I promise you, masalubong man kita bukas ay hindi kita makikilala.”

“Hindi mo alam ang pangalan ko?”

“No.” Umiling siya.

“Pero kilala mo si Johnny.”

“Kamag-anak ko siya.”

Saglit silang natahimik.

“Bakit ka nandito at nag-iisa sa dilim?” tanong ng babae.

Remarkable! Napangiti na napahanga ang lalaki. Kung ibang babae lamang ito ay tiyak na

humahagulgol na at ang nais pag-usapan ay ang sariling kabiguan.

“I asked you a question,” anito sa seryosong tinig.

“Nag-iisip ako kung paano tatakas sa party na ito nang hindi napapansin ng iba,” sagot niya na tiningnan ang oras sa relo. “I still have at least a quarter of an hour to kill bago ako umalis.”

“Why wait a quarter of an hour more? Why not leave now?”

“Paalis pa lamang ang driver mula sa bahay namin,” tugon niya. “Ikaw, hindi mo ba nais na umuwi matapos ang break-up na ito?”

“Sure, I want to go home, pero wala akong kotse,” amin nitong muling lumakad patungo sa tapat ng painting.

“Why so?”

“Hindi na ako nahihiyang sabihin sa ‘yo ang bagay na ito dahil alam mo nang ako ay isang pobrecita,” taas-noong tugon nito. “Pero may dalawa pang natitirang kotse at nasa probinsya pa. ‘Yung isa ay nakakahiyang irampa dito sa party ng mga Salazar. Baka isipin ng mga kamag-anak ni Johnny ay magkakatlat ako ng tetano.”

“They will look down their noses kapag nakita nila ang nakakatetano mong kotse,” natawang turan niya.

“I know,” natawa ring sabi ng babae, “this family is a quite snobbish.”

“Paano ka nakapunta dito sa party?”

“Ipinasundo ako ni Johnny sa kanilang driver.”

“I see,” aniyang nahinuha ang sitwasyon na hindi na nga naman ito hihingi ng kahit na maliit na pabor sa lalaking naunang nakipag-break dito. Hindi nito makuhang maawa sa babae. “Mukhang hindi ka nanghihinayang na hindi kayo magkatuluyan?”

“Why should I waste my tears on him?” tugon ng babae na normal lang ang tono. “Dalawang taon kaming magnobyong, at tama din siya, we have so little in common.”

“Well, at least, on the onset, you seem to be coping well with your heartbreak,” puri niya. “Hindi kagaya ng *Cleopatra* na nagpakamatay dahil nawala sa buhay niya si *Anthony*.” Nakita niya ang napaka-enigmatic na ngiti na ipinukol ng babae sa kanyang direksyon.

“Thank you, I’ll take that as a compliment and a

consolation,” anitong naging magaan ang kalooban.

Muli silang natahimik hanggang sa lumapit ang lalaki sa tabi ng babae at kapwa sila tumitig sa painting.

“Kanina ka pa nakatingin sa larawang iyan,” malalim na saad niya.

Sa hugis ng profile ng maliit na mukhang iyon ay hindi na kailangang mailawan nang napakaliwanag para masabing ito ay maganda. Mataas ang noo nito; tuwid ang linya ng ilong; ang mga labi ay tiyak na maganda ang hugis, at ang eleganteng leeg ay nakakaengganyong haplusin.

Nilingon siya ng kausap na napatingala dahil napakatangkad niya.

“It reminds me of home,” anitong nakangiti. “Malamig doon sa probinsya namin. Puwede kang magtanim ng carrots.”

Hindi niya alam kung ano iyon na nagtulak sa kanya na ilapit ang mukha sa mukha ng babaeng naka-costume ng *Cleopatra*. Hindi naman ito umiwas, napatitig lamang sa kanyang mga mata at nang maglapat ang kanilang mga labi ay para silang nagpakiramdaman kung nais ba nila ito.

Hindi naman matagal ang halik. Wala iyong init ng lagablab ng pagnanasa; iyon ay halik na nagbibigay encouragement na para bang nagsasabi sa balintataw ng babae na hindi pa iyon ang katapusan ng mundo.

There is still life after Johnny, realisasyon nito sa halik na iyon.

“If ,” sabi niya na puno ng emosyon ang boses, “I were Johnny...”

“Yes? If you were Johnny...?” halos pabulong na tanong nito.

“I wouldn’t break off with you just when the goings got rough,” aniyang may conviction sa pananalita. “And I would, at least, offer to take you home.”

Noon din ay tumunog ang cellphone ng lalaki.

“My driver is here,” anunsyo niya. “I suggest, ikaw na muna ang ihatid at babalikan na lang ako dito.”

“Thank you,” tugon ng babae na nakatitig pa rin sa mukha niyang nakatago ang kalahating bahagi; hinaplos nito ang kalahating pisngi na hindi nakukubli ng maskara, “Phantom of the Opera...”

“Goodbye, Cleopatra,” tugon niya.

Sinabi niya rito kung anong modelo iyon na sasakyan at nang makaalis ito ay tumawag siya sa cellphone upang sabihin sa driver na may ihahatid itong isang babae.

Naghintay ang lalaki ng mga kalahating oras bago nakabalik ang kotse. Tinanong niya ang driver kung saan nagpahatid ang babae.

“Sa may gate lang po ng *Dasmariñas Village, Sir,*” tugon nito. “Lalakaran na lang daw po niya ang daan patungo sa kanilang bahay.”

1

“Brigitte!” bunghalit ni Janine pagkapasok pa lamang ng tahanan ng mga Ledesma. “Nasaan ka?” May familiarity sa bahay na tinungo nito ang direksyon ng dining room. Nang makitang wala roon ang hinahanap ay nagtungo ito sa hagdanan at paakyat na sana ito nang natanaw ang hinahanap.

“Janine! Kailan ka pa dumating?” tanong niya na bababa na sana.

“Stop!” pigil nito na sumenyas sa kamay saka tila may kaligayahan ang mga paa na umakyat. “We will talk in your room.”

May pagtataakang napatingin siya rito, ngunit nanatili siya sa kanyang kinatatayuan.

“Oh, Brigitte,” medyo humihingal na sabi nito nang makarating sa itaas at yumakap sa kanya, “I am so happy!”

Ito na rin ang yumakag pabalik sa kanyang silid-tulugan kung saan siya galing. May niligpit siyang mga personal na gamit. Lumabas mula sa isa pang silid si Barbara na kilala sa household na iyon bilang ‘Yaya Barang’ o kaya ay ‘Yaya’ lamang para sa kanya.

“Hi, Yaya,” nakangiting bati rito ng babae.

“Maligayang pagdating, Miss Janine,” magalang na tugon nito na iniyukod nang bahagya ang ulo saka pinanood silang dalawa na pumasok sa kanyang silid.

“You wouldn’t believe what I am going to tell you,” simula ni Janine nang makaupo sila sa gilid ng kanyang malaking kama.

“Sabihin mo, kung gan’on,” masaya niyang saad, naroon pa rin ang puzzled look sa mukha.

Magkasing-edad sila ni Janine Alcantara; ito ay ang kaisa-isang anak ng kasalukuyang alkalde ng San Quentin. Naging malapit sila sa isa’t isa nang pareho silang pumasok sa exclusive na paaralan sa kabisera at nang sumapit sila sa kolehiyo sa Maynila ay sa iisang dormitoryo sila tumira.

Si Janine ang mas popular sa kanilang dalawa dahil *viva* ito samantalang siya ay reserved at sa mga kapalagayang-loob lamang ipinakikita ang tunay na ugali. Sa kabila ng magkaibang personalidad ay naging best friends sila at nagkahiwalay lamang nang pinili ni Janine na manirahan sa Maynila samantalang siya ay ginustong manatili sa San Quentin dahil tahimik ang buhay roon.

“I am engaged!” anitong ipinakita ang diamond

solitaire na singsing. “Isn’t it big?”

“Yes, it’s big!” tugon ni Brigitte na nanlaki ang mga mata pagkakita sa 1.5 carat na bato.

“I think, masyado nang bulgar kung mas malaki pa d’yan ang pipiliin ko,” pagmamalaking saad pa ng kaibigan na nagtungo sa isang *rococo* style na silya sa tabi ng bintana at naupo roon. Bumagay ang moderno nitong kasuotang beige pencil cut skirt at blazer saka immaculate white na kamisedentro sa kulay ng muebles. Ang tangi nitong adorno ay tatlong kuwintas na perlas.

“Mukhang iba ka ngayon,” tugon niya na pinagmasdan ang style ng buhok nitong nakapusod. “Not a hair out of place; your clothes so elegant. Ano’ng nangyari sa wild child na si Janine na mahilig sa grunge dressing? The last time na magkita tayo ay hip-hop ang style mo.”

“Hindi lang ‘ika mo hip-hop,” masaya nitong sabi, “pati Gothic style ay sinubukan ko na para bang kapag tumabi sa akin si Yaya Barang ay puwede na kaming gumanap sa isang horror film.”

Nagtawanan sila.

“Pero ikaw ang original Gothic girl ng San Quentin,” puri nito sa kanya. “You have all the

props—si Yaya Barang, si Mang Kulas, itong lumang bahay na ito at ‘yung guest house n’yo na mas luma pa.”

“Hindi ako ang ating pinag-uusapan,” iwas ni Brigitte. “Nais kong malaman kung bakit nagbago ka ng image.”

“Alam mo na,” anitong may mapinong ngiti, “kapag ikaw ay in love, gagawin mo ang lahat, to the point na ibahin mo ang iyong personalidad.”

“Hindi ba masyadong extreme ang ganoon?” tanong niya. “Ikaw pa naman ang tipo na ini-express ang sarili.”

“But you do not know Arild,” anitong napatindig at lumapit sa kanya saka naupong muli sa kama. “He’s the most gorgeous man I’ve ever met in my entire life! Hindi ko nais na ikahiya niya ako sa harap ng kanyang mga kaibigan. At ang image na ito ay para lalo kaming maging bagay sa isa’t isa.”

“Are you happy na ilagay na lang sa tabi kung sino at ano ka talaga?”

“I am happy,” anitong ngumiti. “Saka sabi nina Papa at Mama, it’s about time na mag-iba ako ng image. Hindi daw puwede ang Gothic or hip-hop style sa pulitika.”

“Kung maligaya ka ay maligaya din ako,” aniya na tinanganan ang mga kamay ni Janine.

“Really?”

Tumango siya. “Really.”

“I am so excited for you to meet Arild,” kinikilig nitong pahayag.

“Arild ang pangalan niya? Ang ganda namang pangalan!”

“Combination ng pangalan ng parents niya—Aristeo at Hilda,” kinikilig na pagbibigay-alam nito. “So romantic, di ba?”

“Sounds Scandinavian din,” komento niyang natutuwa para sa kaibigan. “May contact noon si Papa sa Norway na ang pangalan ay Arild Hansen.”

“Ah, tama ka,” excited na tango nito dahil ang nobyo ang pinag-uusapan. “Nabanggit ni Arild sa akin minsan na ang pangalan niya ay Old Norse na ang ibig sabihin ay army commander. So romantic pa rin, di ba?”

Tumango si Brigitte na lalo pang natutuwa para rito.

“Lagi kitang ikinukuwento sa kanya as if para

tayong kambal, with a twist,” patuloy pa ni Janine. “Gusto nga niyang makita ang picture mo para makita niya kung ano’ng hitsura mo, pero wala naman akong matagpuan maski isang litrato mo sa aking condo unit.”

“That’s because, ikaw lang ang laging nais magpo-pose at ako ang palaging kumukuha ng pictures mo,” tugon ni Brigitte. “And besides, ayaw kong magpalitrato. Na-trauma siguro ako sa matagal na sessions na mga formal portraits ko noong bata pa ako.” Pareho silang napatingin sa dingding, sa nakasabit niyang larawang iginuhit ng isang magaling na pintor. “But pictures, with all the gadgets now, no, I don’t like it.”

“But you will like Arild, I know,” masaya nitong sabi. “In a way, he reminds me of you and you, of him.”

“Ano ang ibig mong sabihin?” natawa niyang tanong.

“He likes the arts, classic cars, plants, old things and news things, and of course, dogs!”

Sa pagkabanggit nito ng huling salita ay hayun at pumasok ang isang napakalaking asong Great Dane.

“I rescued him just last month,” nakangiting

imporma ni Brigitte na hinimas ang ulo ng malaking aso nang lumapit ito sa kanya. “He was to be put to sleep dahil walang nais mag-ampon sa kanya at ‘yung dating may-ari ay lilipat na sa ibang bansa.”

“Oh,” anang kaibigan na medyo napaiwas; hindi ito mahilig sa aso, “that’s big!”

“Sit, Joey,” utos niya sa hayop at naupo lang ito sa paanan niya.

Nakahinga nang maluwag si Janine saka sila pansumandaling natahimik. May naalala ito.

“Dalawa ang aking good news,” anitong muling nagtungo sa bintana at tinanaw ang hardin. “Ang tiyo ni Arild ang nakabili ng food processing plant sa Barangay Estrella nang nakaraang taon lamang. Kaso namatay ito earlier this year at si Arild ang kaisa-isa nitong tagapagmana. Arild wanted to oversee the operations at the plant, so he’s thinking of buying a house here in San Quentin... and guess what I told him?”

Napatitig siya rito na halos nahulaan ang ibig nitong sabihin; ngunit ayaw pa ring aminin sa sarili na iyon na ang solusyon sa pinakamalaki niyang problema.

“You mean...?”

“Yes,” tango ng kaibigan, “I told him that this house is for sale at papupuntahin niya ang kanyang abogado this week para pag-usapan ang bentahan. Brigitte, this means, hindi na maiilit ng bangko ang bahay mo. At least, maibebenta mo na ito sa tamang presyo and let’s hope na may matira para sa ‘yo matapos mong bayaran ang mga liabilities na iniwan ng mga parents mo. Oh, Brigitte, you are the truest socialite na nakilala ko, ever. Hindi bagay sa ‘yo ang maghirap; hindi bagay sa ‘yo ang magkaroon ng career!”

“Ano ang bagay sa akin kung ganoon?” tanong niya. “I have to have a livelihood, you know.”

“Ang bagay sa ‘yo ay mag-cut ng ribbon sa mga opening ceremonies,” tugon ni Janine. “Lumakad sa red carpet in your beautiful gown and be just a plain trendsetter!”

“Para bang napakagastos na lifestyle iyan,” aniyang natawa. Umiling siya. “No, I’d rather be here in San Quentin and restore old cars. Iyon ang iniisip ko; iyon ang nais ko. I am planning to open a garage in town with a group of mechanics.”

“But that’s ridiculous!” bunghalit nito na lumapit sa kanya at tinanganan ang kanyang mga kamay. “Look at you, ang ganda-ganda mo, pero ang mga

kamay mo ay hindi. It's a contradiction.”

“Iyon ang gusto ko, Janine.”

“But anyways, itong bahay...”

“Paano kung hindi niya magustuhan itong bahay at hindi bilhin?” tanong niyang hindi pa rin mag-sink in ang sinabi ng kaibigan.

“Sure, he will,” paniniguro ng kaibigan. “His future wife likes it.” Napangiti ito na may dreamy quality sa mukha. Tila nabasa niya ang nasa isip nito. “Sa kabila ng aking pagiging moderna, I have always wanted to own a classic house like this one, Brigitte,” anitong may matamis na ngiti sa mga labi. “Please don't hold it against me kung ako ang magiging future owner ng bahay na kinalakihan mo.”

“No, Janine,” tugon niyang matamis din ang ngiti, “you are the first person that I would like to live in here.”

“The trouble with you, Arild,” pangaral ni Frederick Astor nang makalabas sa tarangkahan ng bahay ng mga Sobrevilla sa Makati ang *BMW* convertible ng kaibigan, “you are a snob!”

“Hah! Whatever gave you that idea?” natatawang

tugon ni Arild Sobrevilla na siyang nagmamaneho.

“You excel at everything you do, therefore you are too stuck up with your own importance,” patuloy pa nito.

“Do you think that’s a good thing? Kung ikaw ang nasa position ko, maiisip mo na para bang wala nang room for improvement. And it is not a very enjoyable thought, I tell you.”

“Just imagine, dati na nga kayong mayaman ay lalo ka pang yumaman nang ipamana ng Tio Celestino mo ang kanyang kayamanan. And now, we are on our way to that fabulous property na nabili mo without even going there to see it first. It’s unheard of!”

“I trust Janine,” tugon niyang nakangiti. “And the seller’s attorney sent me many pictures of the house. The look of it, the size and the amenities... it’s perfect!”

“Think about those women who will swarm around you just because you got warmer in the pocket,” saad pa nito na napapailing. “Kaso, you’ve been hooked! Kung ako sa ‘yo, magpapakasawa muna ako sa bago kong status. I will let the women swarm all over me like I am the handsomest guy they’ve ever met. Nakakainggit ka talaga!”

Natawa si Arild sa reaction na iyon ng kaibigan; sanay na siya rito at hindi naman nito dinidibdib ang pagkainggit dahil anak-mayaman din ito at may hitsura. Magkaibigan na sila noong sila ay maliliit pa. Magkakilala rin ang kanilang mga magulang kaya para na ring magkapatid ang turingan nila kaya prangka rin sila sa isa't isa.

“There must be some sort of bad luck na puwedeng mangyari sa ‘yo,” anang kaibigan matapos ang ilang minutong katahimikan.

“Ano na naman ang maitim mong binabalak?” nakangiting tanong ni Arild.

“Since this will be a very long journey,” deklarado nito, “bakit hindi tayo magpustahan? It will be something to do on the way.”

Napahalakhak siya. “Hindi ka na nadala. You know that my luck has always topped yours.”

“Not this time, I think,” tugon nito na nag-iisip ng mapapagpustahan. “I have a feeling that Lady Luck is on my side. Anyway, ang natatalo sa akin sa ating mga pustahan ay nababalik sa ating inuman.”

“Dahil ako palagi ang taya,” dugtong niya.

“Exactly!”

“Okay, ano ang pagpupustahan natin?”

“Hmm...” simula ni Frederick na tumulis ang nguso, “it has to be something involving you and a female.”

“Here we go again!” aniyang may caution. “Remember that I am engaged now.”

“No, Janine will never know,” paniniguro nito. “At saka, it will be only for today. I wouldn’t even call it a last fling.”

“Okay, tell me then kung ano ang pagpupustahan natin,” udyok ni Arild.

“Gaya ng sabi ko noon pa, masyado ka nang nagiging conceited, lalo na ngayon na nadagdagan ang iyong assets,” anito sa formulation ng pustahan. “I would like to prove na hindi lahat ng mga babae ay magugustuhan ang attention mula sa ‘yo!’”

“What?” ani Arild na nagsalubong ang mga kilay, subalit may amusement pa rin sa boses. “Now, I think this is going to be exciting. Hindi ba noon ko pa napatunayan sa ‘yo na walang babae ang immune sa akin? Ilang beses ka nang nakipagpustahan na hindi ko mapapasagot sina Erica, Louise, Patricia, Diana... sino pa ba? Ah, si Marilyn! You have to think of something else.”

“Iba ito, I tell you,” simula nito sa paliwanag. “This time, hindi ka manliligaw—you will kiss the girl!”

Napabunghalit ng halakhak ang binata.

“Wait, hindi pa ako tapos,” patuloy pa ni Frederick. “Ang ating pustahan ay habang patungo tayo sa San Quentin. You will have to kiss the first girl you talk to along the way, mind you, unsuspecting girl. Hindi mo hihingin ang halik at hindi ka hihingi ng permiso na siya ay hahalikan mo. At kung magalit ang babaeng ito dahil hinalikan mo, panalo ako.”

“Teka,” saway ni Arild na napaisip, “hindi ba dapat ay mayroon akong *say* sa pustahang ito? Hindi ba dapat ay may pagkakataon akong pumili kung sino sa mga mami-meet natin along the way ang aking hahalikan?”

“Nope,” iling ni Frederick. “It has to be spontaneous. It doesn’t matter kung ikaw ang naunang makipag-usap o ang girl.”

“You planned this, didn’t you?” akusa niya, pero naroon ang challenge sa tono ng kanyang tinig.

“You’re the one who told me to think of something amusing to do while we’re travelling,” natatawang pakli ng kaibigan. “So, this is it!”

Napahugot ng malalim na hininga si Arild.

“Eh, paano kung matanda ang unang babaeng makausap ko kapag bumili tayo ng snacks or kapag nagpagasolina tayo?” tanong niya. “It wouldn’t be respectful na mangtsansing ng matanda! At hindi lawful ang mang-harass ng babaeng underage. At paano kung kasama ng babae ang kanyang boyfriend o asawa?”

“Okay,” sagot ni Frederick, “I thought you would put up such questions. My answer is, this female should be in the childbearing age, but not below eighteen. And she must be either in the company of other females or alone. Satisfied?”

“Okay,” tugon ni Arild may pag-aatubili pa rin. “Pero paano kung wala akong makausap na babae at wala ring kumausap na babae sa akin on the course of our journey to San Quentin?”

“That’s impossible! They’re everywhere! And you’re a magnet to them!”

Muli ay natawa si Arild.

“No, I want to have at least a little control over this wager,” aniya. “I intend to choose who will I kiss.”

“Can you control the female who will approach

you when we stop for gas? Oh, I look forward to lunch. Think about the nice waitress who will ask for our orders.”

“That is what I am talking about,” tugon niya. “Since I am the driver, ako ang may control kung saan at kailan tayo titigil. Thereby, making it possible not to talk to a female or be talked to by a female person!”

“Okay, fair enough,” tango ni Frederick na napatingin sa itaas at ibinaling-baling ang ulo na tila kinausap ang sarili habang nagka-calculate. “Ilang milyong babae ba meron sa Pilipinas... hmm? Ilang milyon din ang tsansa mo na makatagpo ng babae.”

“That’s the challenge, Frederick,” tugon niya na napalinga rito. “I intend to reach San Quentin without meeting a single female. Magkano ang pusta mo? It must hurt your pocket a bit.”

“Okay, my next salary!”

“Call!” aniyang sumang-ayon dahil hindi biro ang buwanan nitong suweldo bilang accountant sa accounting firm ng pamilya nito. “It will give me the satisfaction to know na sa edad mong iyan ay hihingi ka sa mama mo ng allowance sa loob ng isang buwan.”

“Yeah, para bang noong nasa *Ateneo* tayo, huh?”

tawa nito. “Pandidilatan na naman ako ni Mama, sasabihin sa akin na hindi daw siya ang *Bangko Sentral ng Pilipinas*.”

“Pero, surely, you must have some savings?” tanong ni Arild na napaisip.

“Who has? Sa mga kakilala ko ay ikaw lamang ang may naiipon sa bangko. Like you, I also have an expensive lifestyle. Medyo malaki ang nagastos ko nitong huli kong pagpunta sa Amerika,” tugon nito na pagkuwan ay sumuntok sa balikat niya. “Don’t worry, mananalo ako ngayon!”

“We will see,” aniyang may ningning sa mga mata.

2

Dinala ni Brigitte ang 1957 *Cadillac* para sa maintenance checkup sa kanyang suking mekaniko sa kabisera ng probinsya. Kinailangang palitan ang isang device sa dashboard kaya hindi niya maiuwi ang sasakyan nang araw na iyon. Palibhasa noon pa man ay sa talyer na iyon na nagpapakumpuni ng sasakyan ang kanyang ama, kontodo pa rin ang serbisyo sa kanya ng mekaniko kaya may service car siya na gagamitin pauwi.

“This is boring,” bulong niya sa sarili nang minamaneho na ang four-door sedan na service car ng talyer. “This is like an old woman’s car!”

Nang makarating siya sa highway ay sinubukan niya sa fifth gear at halos itodo na ang tapak sa silinyador ay talagang wala nang ibibilis pa sa sitenta. Minabuti na lamang niyang magmabagal sa right lane ng highway at panoorin ang mga umo-overtake sa kanya.

“Eat my dust, yeah,” natatawa niyang sabi sa sarili kahit pa naiinis dahil nakikita niya sa mukha ng mga motoristang umo-overtake sa sasakyan na naiinis din ang mga ito sa kanyang kabagalan. Tumingin siya

sa gitnang salamin at nakitang may isang kotse na nasa likuran niya at walang balak na um-overtake. Subalit nakita rin niya na isang matandang lalaki ang driver. “Thank you, Lolo, keep me company!”

Nang sumapit siya sa exit patungo sa San Quentin ay naalis na ang kanyang inis dahil wala nang dahilan pa para siya ay magmabilis. Narinig niya ang pagkalembang ng kampana sa di-kalayuan bilang hudyat sa *Angelus*. Oktubre na; madali nang dumilim at malamig na ang ihip ng hangin. Minabuti niyang buksan ang ilaw ng sasakyan.

Ang bahaging iyon ng daan ay medyo lubak-lubak at may mga sharp bends at halos wala siyang kasabay na motorista. Bihasa na siya sa daang ito kaya relax siya sa pagmamaneho. Subalit nang sumapit siya sa bahagi ng daan kung saan tatlong kilometro iyon na derecho ay inilagay niya ulit sa fifth gear ang sasakyan at itinodo ang gas.

“Come on!” aniyang pinasibad ang sasakyan.

Himala namang umarangkada ang kotse at napangiti si Brigitte. Inihanda niya ang sarili na magmenor nang malapit na siya sa susunod na liko at nang nandoon na siya ay saka siya nagtaka nang maramdamang matigas ang pag-ikot ng manibela na kinailangan niyang gamitin ang kanyang buong lakas

para makaiwas na mahulog sa bangin.

“Ano ito?” tanong niya sa sarili na nakahinga nang maluwag nang makalampas siya sa likong iyon. May isang soft curve sa di-kalayuan at halos napangiwi siya nang imaniobra ang sasakyan sa pagliko. Alam niyang ang mga susunod na madadaanan ay mga sharp bends na kaya minabuti niyang itigil na lamang ang sasakyan sa tabing-daan.

I won't risk it anymore, aniya sa sarili na inihinto ang kotse.

“Why did I agree na magkaroon ka ng control kung saan at kailan tayo titigil?” frustrated na tanong ni Frederick na ini-on ang ilaw sa tapat nito upang tingnan sa travel map kung ilang kilometro na lamang ang nalalabi bago sila makarating sa San Quentin. “Isang oras na lamang ay nandoon na tayo!”

Nang sumapit ang alas cinco y media ay mabilis nang kumalat ang dilim at walang makikitang poste sa daang kanilang binabagtas sa kasalukuyan kung kaya nasa high beam ang signal lights nila. Inilabas na rin ni Arild ang bubungan ng kotse dahil maraming kulisap na nagliliparan.

“But as you said,” may pang-aasar na sabi niya,

“ilang milyong babae mayroon dito sa Pilipinas. There could have been a woman behind the counter of that last gasoline station. I played fair when a female was walking toward me when we were at that junction and I didn’t walk away.”

“Yeah, tumingin lang sila sa ‘yo with that dreamy look in their eyes,” anang kaibigan na may pagrereklamo sa tinig. “You stupefy them!”

“Not my fault,” natatawang tugon ni Arild. “Alam mo, kahit malapit ka nang matalo, I congratulate you, dahil naging very challenging ang buong araw na ito. There has never been a dull moment.”

“Like that’s a consolation,” nakasimangot na tugon nito na napaderecho ng upo dahil may namataan sa daan. “Stop! Ano ‘yon na nasa gitna ng daan?”

Nagmenor si Arild at tumigil sa tapat ng bagay na iyon na itinuro ng kaibigan. Siya na rin ang umibis dahil siya ang mas malapit sa bagay na iyon.

Hindi sana niya dadamputin ang bagay na iyon na marahil ay nalaglag mula sa isang sasakyan na napadaan doon. Subalit naisip niya na tiyak na may sasabihin si Frederick tungkol dito.

“Ano sa palagay mo iyan?” tanong nito nang

maiabot iyon sa kaibigan at muli niyang pinatakbo ang sasakyan.

“It’s a power steering belt,” paliwanag niya. “Kung itinapon lang ito dito ay okay lang. Pero kung nagkataon na nalaglag ito mula sa isang sasakyan ay malaki ang problema ng driver ng kotseng pinanggalingan nito.”

“Tell me more,” engganyo ni Frederick. “Ang tangi ko lang alam ay magpalit ng flat tires.”

“Mahirap iliko ang kotse kapag disabled ang power steering,” aniya. “Let’s just hope na nandiyan lang malapit sa bend ang kotseng pinanggalingan nito at nang maibigay natin itong belt.”

“You mean, puwedeng ma-miscalculate ng driver ang pagliko lalo na dito sa daang ito na nasa gilid ng bangin?” tanong nito na napatingin sa gilid ng daan. “I hope nandiyan lang nga ang sasakyan na iyon at hindi sa ibaba!” turo nito bangin sa bandang kanan.

Sure enough, hayun nga ang isang kotse sa gilid ng daan; nakataas ang hood niyon at wala silang makitang taong nakaupo sa loob; tinitingnan marahil ng driver kung ano ang problema.

Inihimpil ni Arild ang *BMW* sa likuran ng kotseng iyon.

“Here you go,” ani Frederick na iniabot ang power steering belt. “Mas may alam ka tungkol sa kotse.”

May pagdududang tinanggap niya iyon.

“Go on, it’s not as if babae ang nagmamaneho ng kotseng iyan. May kilala ka bang babaeng marunong magbukas ng hood ng sasakyan?” patuloy nito na may movement ng ulo. Sumipat ito sa bandang kanan nito at nakita ang driver ng kotse na nakayuko sa makina ng sasakyan. “I can even see na nakapantalon ang driver.”

Walang kibong umibis si Arild mula sa kanyang sasakyan, tangan ang power steering belt.

“I’ll cover you from here, sakali mang ito ay isang ambush,” pahabol pa ng kaibigan. “Go on, you’re doing a good thing.”

Nagsimula siyang maglakad patungo sa kinatatayuan ng driver ng kotseng nakahinto.

“Ito ba ang kailangan mo?” tanong niya nang makalapit sa harap ng sasakyan na bukas ang hood. Saka niya napagtanto na parang time bomb na in-activate niya ang pustahan.

“Ah, iyan nga!” bulalas ni Brigitte na kumislap ang mga mata na tinanggap mula sa di-kilalang lalaki ang power steering belt. “Hindi akin itong kotseng ito,” patuloy niya na kinapa ang power steering pump, “hiram ko lang sa talyer kung saan nire-repair ang aking kotse.”

Sabay silang nagtungo sa likuran ng sasakyan. Binuksan niya ang baggage compartment at kinuha naman ng lalaki ang toolbox.

Napangiti si Frederick nang makita ang driver ng kotse. Isang babae!

“Now, this is interesting!” anitong umibis din ng sasakyan subalit hindi tinangkang lumapit; intention lang nito ang manood sa pangyayari.

“Mahirap magmaneho na disabled ang power steering,” ani Arild nang makabalik ang dalaga sa harapan ng kotse.

“Sinabi mo pa,” nakangiti niyang tugon na iniabot dito ang no. 13 *Black and Decker* wrench. “Ikaw na ang magkalas ng bolt at ako ang hahawak nitong flashlight para ilawan ka. I think I sprained my wrist nang mahirapan akong iliko itong kotse. Ang tigas ng manibela!”

“Mabuti’t hindi ka nalaglag sa bangin,” anito

na yumuko upang sipatin ang bolt na kakalasin. *Kailangang maging friendly ang approach para kapag hinalikan ko siya ay hindi siya ma-offend... But, at least, she's very goodlooking. Lovely, even!*

“Muntik na nga, eh,” sabi niyang pinanood ang lalaki saka pansumandaling napatingin sa kasama nito. Nakaantabay siya na iabot ang power steering belt kapag kailangan na nito. “May kasama ka.”

“Don't mind him,” tugon nito. “Ayaw niyang madumihan ang kanyang mga kamay.”

Nakita niyang kinalas nito ang dalawang bolts ng power steering pump bago iminuwestra na kailangan na nito ang belt.

“May malaki ka bang screw driver d'yan?” tanong pa ng lalaki na ipinuwesto ang belt sa tatlong points na pagkakabiton niyon. “Isuporta mo nga ang screw driver dito?”

Naunawaan niyang kailangang gamitin ang screw driver para puwersahin sa lugar ang belt habang isinusukbit nito iyon sa dalawa pang ikutan sa ibaba ng steering pump. Medyo lumapit pa siya nang kaunti na halos magkadikit ang kanilang mga ulo dahil nakapuwesto siya sa harapang gilid ng kotse samantalang ang lalaki ay nasa tagiliran. Nalanghap

niya ang malinis nitong amoy kahit pa naaamoy din niya ang malangis at magrasang amoy ng makina ng kotse. Lihim siyang napangiti at na-conscious na baka napaka-untidy niya sa mga sandaling iyon dahil hindi man lamang niya nakuhang maglagay ng makeup bago siya umalis ng kabisera.

Ah, what the heck! That was earlier. How would I know that a very handsome guy will help me in my time of need?

“Medyo maluwag na ang belt na ito,” puna ng estranghero na tinesting kung ilang milimetro ang kayang i-press ng daliri sa belt. “Mahigit isang centimeter na itong naipe-press ko.”

“Pero magagamit ko pa rin hanggang bukas kapag isinauli ko itong kotse sa talyer?” tanong niya.

“Yes,” sagot nito. “Ingat ka lang.”

“Okay,” tango ni Brigitte. Nakita niyang nakakabit nang muli ang power steering belt at hinihigpitan na lang nito ang dalawang turnilyo ng power steering pump. “Mag-iingat ako.”

“There,” anitong dumerecho ng tayo na ibinigay sa kanya ang wrench.

Nakita niyang nadumihan ang mga kamay nito

at may bahid din ito ng grasa sa kanang pisngi.

“Wait,” aniya, kapagdaka’y tumalikod upang kunin sa loob ng kotse ang kanyang handbag. Inilabas niya ang pouch ng *Wet Ones* saka muling nilapitan ang lalaki na naghihintay sa kanya. “May dumi ka sa iyong mukha.” *He’s so handsome!* aniya sa sariling humugot ng isang basang tissue paper at hindi napigil ang sarili na siya na ang magpunas ng pisngi nito.

Hinayaan naman siya nitong gawin iyon. Mataman din siya nitong tinitingnan na may halong pagtataka at amusement sa mga mata na para bang natural na maging malambing ang mga sandaling iyon.

Nasisinagan sila ng ilaw mula sa *BMW* kung kaya kitang-kita niya ang planes and angles ng maamo nitong mukha. Ang matangos nitong ilong at ang kurba ng mga labi na para bang perpetual na nakangiti, ngunit ang expression ng mga mata ay kailangang suriin nang mabuti. Sa mga sandaling iyon ay para bang nais niyang matunaw. Nakadama siya ng kaunting hiya kung kaya binawi niya ang kanyang kamay at ibinigay rito ang tissue paper upang ito na lamang ang magtanggap ng dumi sa mga kamay nito.

Humugot pa siyang muli ng ilang pirasong tissue

paper at ibinigay ang mga iyon sa lalaki. Bawat tissue na magamit nito ay ibinalik din sa kanya na nilamukos naman niya at balak na itapon sa basurahan pagsapit niya ng bahay. May disiplina siya sa sarili; hindi siya tulad ng ibang tao na basta na lang itatapon sa kalye ang tissue na nagamit na.

“How can I ever thank you for your help—”

Hindi na niya natapos ang sasabihin; sa isang maliit na hakbang ng lalaki ay halos magkadaiti ang kanilang mga katawan at naramdaman niyang sinapo nito ang likod ng kanyang ulo habang ang isa nitong braso ay hinapit siya sa baywang. Natagpuan ni Brigitte ang sarili na hinahalikan siya nito at halos hindi siya nakahinga.

Nagsimula siyang pumalag dahil hindi niya ito kilala, subalit naramdaman niyang napakalakas ng mga brasong kinapapalooban niya kaya minabuti na lamang niyang maging slack ang kanyang katawan kaysa manlaban. Pansumandaling tumugon ang kanyang mga labi sa halik nito bago niya muling naisip na ito ay isang estranghero.

Saka niya naramdaman na lumuwag ang pagkakayapos nito sa kanya at pinakawalan nito ang kanyang mga labi.

“That’s the thank you—”

Hindi na natapos ng lalaki ang sasabihin dahil umigkas na ang kanyang kaliwang kamao na dumapo sa gilid ng mukha nito.

“You pervert!” sigaw ni Brigitte, galit na pabalabag na isinara ang hood ng sasakyan. “Get out of my sight at huwag ko nang makikita ang pagmumukha mo dahil ipapupulis kita! Bastos! Walang modo!”

Mabilis siyang pumasok sa kotse at nang makaupo sa harap ng manibela ay inilabas pa ang ulo sa bintana.

“Get out of my way!” sigaw pa niya. “Sasagasaan kita!”

Pinasibat niya nang mabilis ang kotse kahit pa takot na malaglag muli ang power steering belt. Nilinga niya ang rearview mirror at hayun ang lalaki... nababalumbunan ng makapal na alikabok na kanyang binulabog sa daan.

3

May mapanglaw na ngiti sa labi na tinanaw si Brigitte ang paglambong ng madilim na ulap sa kalangitan mula sa pagkakaupo sa tabi ng pasimano ng bintana. Pinili niya ang silid na iyon na nasa bandang likuran ng two-storey na bahay dahil sa nostalgic view. Sadya niyang inilagay ang maliit na coffee table at ang katerno nitong dalawang silya sa tabi ng bintana upang sa tuwing siya ay mauupo roon ay tatanawin niya ang kanilang mansyon.

Dating mansyon! Itinama niya ang kanyang sarili.

Isang buwan na ang nakakaraan nang lumipat siya sa guest house dahil hindi iyon kasali sa bentahan. Nang masawi sa isang aksidente ang kanyang mga magulang limang taon na ang nakalilipas ay isiniwalat ng abogado ng kanilang pamilya ang kalagayan ng kanilang kabuhayan. Noon niya nalamang ang bahay na lamang sa San Quentin ang natitira at nakasangla pa iyon sa isang bangko. Sinikap niyang mabayaran nang pakaunti-kaunti ang interes ng sangla sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga kagamitan sa loob ng bahay.

Salamat sa udyok ni Janine sa nobyo nito ay

nabenta ang bahay at ang napagbilhan ay ibinayad niya sa mga pagkakautang na naiwan ng kanyang mga magulang.

Napakaliit ng guest house kumpara sa mansyon kaya hindi niya mawari kung saan niya ilalagay ang mga kagamitan at kasangkapan na may sentimental value para sa kanya. Marami na siyang naipamigay sa mga dati nilang katulong na napilitang umalis dahil hindi na kailangan ang serbisyo ng mga ito. Mayroon din siyang ipinamigay sa ilang mga kaibigan at kamag-anak.

Ang hindi niya natiis ay ang paboritong kotse ng kanyang nasirang Lolo Brigido—isang 1957 *Cadillac* at ang luma nilang *Mercedes-Benz 300TD* station wagon na pamalengkeng sasakyan ng kanilang mayordoma noon na ngayon ay kalawangin na. Mabuti na lamang at may garahe ang guest house na kasya para sa *Cadillac*, kung hindi ay mapipilitan siyang ibenta rin iyon.

Nakarinig siya ng mga katok sa pinto ng silid.

“Come in, Yaya,” sabi ni Brigitte na alam kaagad kung sino iyon.

Si Barang ay ang kanyang tagapag-alaga mula pa noong siya ay sanggol.

“Magmerienda ka muna,” anitong pumasok sa silid at ibinaba ang tangang tray sa ibabaw ng coffee table. Kasunod lang nito ang asong si Joey na nahiga sa rug sa tabi ng kama. “Nagluto ako ng sopas para sa ’yo.”

“Masyado yatang mabigat ang meriendang ito, Yaya,” aniyang bahagyang napangiti; iyon ang paborito niyang comfort food—chicken macaroni soup na may sahog na pechay Baguio, celery, dahon ng sibuyas, at carrots. Isinawsaw niya ang hintuturo sa sopas upang damahin kung gaano kainit ang sabaw.

“Mas masarap higupin ang sabaw kapag mainit,” sabi ni Barang. Kung kapansin-pansin ang ipit na magaspang na tinig ng tagapag-alaga ay lalong kapansin-pansin ang hitsura nito dahil ipinanganak itong maiksi ang kanang braso at may pagkakuba.

Si Barang ay ang bastardang anak ng isa nilang katulong na namatay sa panganganak dito. Sa awa ng lolo ni Brigitte sa deformed na bata ay pinangalanan itong Barbara Ledesma at ipinaalagaan sa isa sa mga katulong doon. Pinag-aral din ito ng kanyang lolo hanggang sa hindi na nito nais pang magpatuloy dahil nawili ito sa pag-aaruga kay Brigitte na noon ay sanggol pa lamang.

Mataman siyang pinagmasdan ng babae; walang maitatago sa mapanuri nitong pagmamatyag kahit pa ang isa nitong mata ay halos nakaluwa.

“Nakatanaw ka na naman doon,” puna nitong tumanaw rin sa mansyon na laging magpapaalala sa kanila ng naglahong rangya ng mga Ledesma.

Hindi siya kumibo; naghintay lamang na medyo lumamig ang sopas.

“Isang buwan nang nakakalipat ang mga bagong may-ari, pero hindi man lamang sumilip sa pinakamalapit nilang kapitbahay,” sabi ni Barang na nakamasid pa rin sa kanya.

“Hindi naman kasali sa kontrata ng pagbili na makipagkapwa sila sa dating may-ari,” tugon ni Brigitte na nagsimulang sumubo ng sabaw.

“Pero ang bagong may-ari ay nobyo ng iyong kaibigan,” rason nito. “Hindi man lamang ba nais ni Janine na magkakilala kayo ng nobyo nito?”

“Si Janine ay nasa Amerika ngayon, Yaya,” aniyang muling humigop ng sabaw. “Ang sabi niya sa akin, pagdating niya ay ia-announce na nila ang kanilang engagement. At saka hindi ko alam na nasa mansyon ang Arild Sobrevilla na ito.”

“Pinasilip ko si Kulas mula doon sa kahuyan,” tugon ni Barang. “Tila ’yung ina lamang ng nakabili ang nakatira sa malaking bahay.”

“How exciting! May social life na uli dito!” natawa niyang sabi na iniba ang usapan. “Hmm... masarap itong chicken soup, Yaya. Nai-imagine ko kung anong horror scene na naman ang ginawa mo habang kinakatay ang manok. Ikaw ang bida ng isang video nasty habang ginigilitan mo ng leeg ’yung kawawang inahin!”

“Kinatay ko ’yung pinakamatandang inahin dahil hindi na masyadong nangingitlog,” nagmamalaking tugon nito. “At saka hindi biru-biro ang magkatay ng manok, huh.”

“Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko kung wala ka, Yaya,” aniyang napatigil sa paghigop ng sabaw; inilapag sa mesa ang kutsara at napabuntong-hininga. “Ni hindi kita kayang pasuwelduhin.”

“Hindi nga, kaya tigilan mo na ang pag-aalala tungkol doon,” istrikta nitong pahayag na nakatingin sa kanya nang patagilid dahil hindi derecho ang focus ng mga mata nito. “Hindi mo ako bayarang katulong. Ang mama mo lang naman ang nagpumilit na ilagay ako sa aking lugar kaya tumanggap ako ng bayad mula sa mga magulang mo.”

“Mama was so hard on you,” malambing niyang turan. “Alam mo, Yaya,” dugtong pa niyang natatawa, “minsan ay naiisip ko na si Lolo Brigido ang tunay mong ama. Hindi lang niya inamin dahil sa hitsura mo.”

“Huwag mo ngang lapastanganin ang alaala ng mabuting pagkatao ng lolo mo,” saway nitong napapailing at natawa rin sa kanyang teorya. “Wala ka lang magawa kaya kung anu-ano ang iyong naiisip!”

“Kasi isipin mo na lang,” aniyang muling dinampot ang kutsara at nagsimula na uling humigop ng sabaw, “ibinigay niya sa ’yo ang kanyang pangalan at saka ipinamana ang bahay na ito. Ano kaya ang sasabihin niya kung malaman niyang ako ngayon ang nakikitira dito?”

“Ang sasabihin ng Lolo Brigido mo ay mabuti na lamang at isinalin sa pangalan ko ang titulo nitong guest house,” tugon ni Barang na may mabigat na tono. “Kung hindi ay matagal na itong naibenta ng papa mo sa udyok ng mama mo! Saan tayo pupulutin ngayon kung ganoon?”

May sasabihin pa sana si Brigitte ngunit pumasok si Mang Kulas na dati nilang hardinero.

“May tao po sa labas,” anunsyo nito.

Nagulat ang babae na naroon sa tarangkahan at naghihintay sa paglabas ng may-ari ng bahay.

“Ano’ng kailangan mo?” tanong ni Barang sa mala-palakang boses nito. Napasulyap din ito sa magarang kotse na nakaparada sa tabing-daan at nahulaan kaagad nitong iyon ay galing sa bagong kapitbahay.

“Ako ang sekretarya ni Arild Sobrevilla,” tugon nito na kaagad itinago ang pagkasorpresa. “Sinabi ko doon sa matandang lalaki na nais kong makausap ang may-ari ng bahay.”

“Ako nga ang may-ari ng bahay,” anito na pinandilatan ang sekretarya. “Ang pangalan ko ay Barbara Ledesma.”

Napaurong nang kaunti ang sekretaryang natakot sa hitsura ng kuba; napatingin ito sa sobrang tangan at nakitang naka-print doon ay *Ms. B. Ledesma*.

“Kung gayon ay para sa inyo ang imbitasyong ito,” alanganin nitong sabi na iniabot ang sobre.

“Para saan ito?”

“P-paki... pakibasa na lang po,” madali nitong sabi na tumungo na sa kotse.

“Hindi mo ba aalamin kung dadalo ako o hindi?” tanong pa ng kuba.

“D-dadalo po kayo!” anito na nakangiwi na napalunok at dali-daling pumasok sa kotse. “Sige po!”

Tatawa-tawang pumasok ng bahay si Barang na ipinaypay sa mukha ang sobrang ibinigay ng sekretarya ng bagong kapitbahay.

“Nanakot ka na naman, Yaya,” natatawang sita ni Brigitte na umalis mula sa tapat ng bintana nang makitang pumasok ang tagapag-alaga sa sala.

“Sa wakas! May kapwa-tao na tayo.” Nakangiting iniabot nito sa kanya ang sobre. “Ano kaya ang sasabihin ng babaeng iyon sa kanyang amo?”

“Na ang hitsura ng pinakamalapit nilang kapitbahay ay pang-*Halloween*?” aniyang binuksan ang kahon ng isang antigong commode upang kunin ang silver letter opener.

Nagkatinginan sila ni Barang at sabay na nagtawanan.

“Naku, Sir!” matinis ang boses na sabi ni Miss Merlina Juanson nang makabalik na sa mansyon. Ito ay ang tipikal na sekretaryang may-edad na—nakapusod ang buhok, makapal na salamin at boring ang style ng pananamit. Aakalain ninuman na ito ay si Miss Tapia sa comic strip na *Baltic and Co.* “Kung hindi pa nakita ng sarili kong mga mata ay hindi ako maniniwala!”

“Ano iyon na nakita mo, Miss Juanson?” usisa ng isang bagong dating.

Sabay na napatingin ang mag-amo sa pintuan.

“Frederick!” masayang bulalas ni Arild na tumindig mula sa kinauupuan sa likod ng malaking office table. “I’m so glad you’re here.”

“I came as soon as I read your e-mail,” tugon nitong nakipag-high five sa kaibigan. “Isang linggo akong nag-relax nang konti sa Boracay at ipagpapatuloy ko ang pagre-relax dito.”

“Kaya pala halos kulay lechon ka pa,” natatawang puna niya. “Would you like something to drink?”

“I thought you’d never ask!” natutuwa nitong tugon.

“Then, serve yourself,” aniya na iminuwestra ang

bar. "Visitors are no exemption here."

"With pleasure." Natatawang nagtungo sa bar si Frederick upang buksan ang maliit na refrigerator at naglabas ng isang bote ng beer. "Ano ang sa 'yo?'"

"No, not right now," tanggi niya. "I like driving around here in my convertible, kaya iwas muna ako sa inom."

"Liking the air around here, hmm?"

"Very much!"

"Cheers!" anito na itinaas ang bote. "Pero mabalik tayo kay Miss Juanson, ano ulit ang nakita mo?"

Naupo ito sa pinakamalapit na sofa saka hinintay na magkuwento ang sekretarya.

"Isang babaeng nakakatakot ang mukha na parang pang-horror na pelikula!" nanlalaki ang mga matang sagot ni Miss Juanson. "Ako ang nagdala ng imbitasyon sa kapitbahay para sa party sa Sabado ng gabi."

"Ang imbitasyon ay para sa best friend ni Janine, Miss Juanson," pagtatama ni Arild. "Baka iyon 'yung sinasabi ni Janine na tagapag-alaga ng kaibigan niya."

"Sabi ng abogado ng Tio Celestino mo," saad pa

ng babae, “nang ibigay sa akin ang susi nitong bahay ay doon daw lumipat sa bahay sa duluhan ang kaisa-isang anak ng dating may-ari nitong mansyon.”

“I intend to go there, pero busy ako sa planta. Wala akong time for social visits.”

“Hindi kaya adding insult to injury ang imbitahin ang anak ng dating may-ari nitong bahay?” tanong ni Frederick?”

“She is Janine’s best friend,” sagot ni Arild. “Walang choice kundi ang imbitahin ko siya.”

“At alangan namang hindi kayo makipagkapwa sa pinakamalapit ninyong kapitbahay,” anito bago lumagok mula sa bote. “By the way, kumusta na ang iyong black eye?” nakangising tanong nito.

“Matagal nang magaling, thank you!” tugon niyang pinukol ito ng matalim na tingin sa pagpapaalala nito sa pangyayaring iyon nang una nilang bisitahin ang mansyon. “Kumusta naman ang perang napanalunan mo?”

“Ah, matagal nang ubos, thank you,” nakangiting sabi nito. “Ano nga ulit ang sabi sa ‘yo n’ung babae? ’Bastos! Walang modo!” At humagalpak ito ng malakas na tawa. Hindi ito nagkamali na matatalo si Arild sa kanilang pustahan. Muntik pa itong maubo

pagkainom ng beer.

“Talaga, Sir,” usisa rin ni Miss Juanson, “sinabihan kayo ng ganoon?”

“She even called me a pervert,” malalim ang tinig na tugon ng binata. “Come on, Frederick, cut it out!” paninita niya sa kaibigang patuloy pa rin sa pagtawa at halos mahulog na sa kinauupuan.

“You can’t stand it, huh?” buska nito. “Think about the numerous times na ako ang natalo.”

“I know,” amin ni Arild. “Hindi ako sanay na natalo.”

“And that was my point. I hope you’ve learned a lesson.” Ngumiti pa ito nang malawak.

Napatingin si Miss Juanson sa amo; interesado sa sasabihin niya.

“Yes, I did,” aniyang naupo sa pinakamalapit na silya. “In fact, I am opening my home for the local people of San Quentin, kahit ang na-meet ko pa lang ay ang mayor at ang pamilya nito. But for now, Frederick, come and see kung ano ang mayroon ako sa garahe.”

“Tiyak na pang-inggit na naman ito,” pabirong saad nito na sinundan ang kaibigan.